

PARA SA AGARANG RELEASE

Enero 30, 2020

MGA KONTAK:

Melaney Arnold – 217-558-0500 IDPH

Andy Buchanan – 312-747-9698 CDPH

Kim Junius – 312-446-2984 CCDPH

Pangalawang Kaso ng 2019 Novel Coronavirus Case Natuklasan

Nananatiling mababa ang panganib sa pangkalahatang publiko

CHICAGO – Iniuulat ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois (IDPH), Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Chicago (CDPH), at ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Cook County (CCDPH), at ng mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng mga Sakit (CDC), ang pangalawang kumpirmadong kaso ng 2019 novel coronavirus (2019-nCov) sa Illinois. Ang indibidwal ay isang lalaki na nasa 60 taong gulang at siya ay asawa ng unang kinumpirmang pasyente sa Illinois na may kinalaman sa pagbibiyah. Hindi siya nagbiyah sa ibang bansa ngunit nakisalamuha siya sa asawa nang bumalik ito mula sa Tsina. Ito ang unang nahawaan ng virus nang mula sa ibang tao sa Estados Unidos.

“Nais kong bigyang-diin na nananatiling mababa ang panganib ng novel coronavirus sa pangkalahatang publiko sa Illinois. Ginagawa ng mga pangkalusugang opisyal na lokal, pang-state, and pang-pederal ang lahat upang malaman kung sino mga nagkaroon ng malapit na kontak sa indibidwal na inatasan kong gumawa ng mga hakbang ng proteksyon upang mabawasan ang lalong pagkalat ng virus,” sabi ng Direktor ng IDPH na si Dr. Ngozi Ezike. “Ipagpapatuloy nating nakaalam nang husto ang publiko habang dumarating ang dagdag na kaalaman.”

Noong Biyernes, Enero 24, 2020, inanunsiyo ng CDC, IDPH, at CDPH ang unang nakumpirmang kaso sa Illinois ng 2019-nCoV na isang residente ng Chicago, isang babaeng nasa mga edad na 60, na bumalik mula sa Wuhan, Tsina noong Enero 13, 2020. Nanatili ang babae sa ospital, at siya ay nasa matatag na kondisyon, at maigi ang kalagayan. Ang pangalawang pasyente ay nasa ospital din at nasa matatag na kondisyon.

“Alam natin na ang mga coronavirus ay malamang na kumakalat sa pamamagitan ng personal na kontak, at alam natin na ang pangalawang pasyenteng ito ay nagkaroon ng malapit na kontak sa kaniyang asawa pagkatapos na nagsimulang magkaroon ng mga sintomas ang huli, kaya hindi naman kagulat-gulat na nakuha ng una ang virus, at kung bakit sinusubaybayan siya nang mahigpit ng kagawaran ng pampublikong kalusugan, at kung bakit sinusubaybayan natin ang anumang malalapit na kontak ng mga kumpirmadong kaso. Hindi nito binabago ang patnubay na ang panganib sa pangkalahatang publiko ay mababa pa rin sa ngayon. Hindi kailangang baguhin ng mga tao sa komunidad ang kanilang mga gawi batay sa balitang ito; halimbawa, hindi nila kailangang ikansela ang mga kaganapan, umiwas sa mga malalaking pagtitipon, o magsuot ng mga guwantes at maskara sa publiko.”

Iniimbestigahan ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan ang mga lokasyon na binisita ng pangalawang pasyente nitong nakaraang dalawang linggo at ang mga malalapit na kontak na

maaaring nahantad (exposed). Gumagawa ng mga masisigasig na hakbang ang mga propesyonal na medikal at ng pampublikong kalusugan sa pagtutuklas at pagsubaybay sa mga indibidwal na nagkaroon ng kontak sa dalawang kumpirmadong kaso bilang pasisikap na bawasan ang panganib ng karagdagang paghahawa. Isang team ng CDC ang patuloy na nananatili sa Illinois upang suportahan ang mga pagsisikap na ito.

“Kung ikaw ay nagbiyahe sa Tsina o kaya ay nagkaroon ng kontak sa isang kumpirmadong kaso, at nakakaranas ng lagnat, ubo, o kahirapan sa paghinga, makipag-ugnayan sa iyong healthcare provider,” sabi ng Pinunong Opisyal ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Cook County na si Dr. Terry Mason. “Hinihimok namin ang lahat na gawin ang mga parehong gawaing pampigil sa trangkaso, na nitong nakaraang taon, ay naging sanhi ng 35 milyong sakit, at sobra sa 34,000 pagkamatay.”

Malapit na sinusubaybayan ng CDC ang biglang pagkalat (outbreak) ng mga sakit sa paghinga na dulot ng 2019-nCoV na unang natuklasan sa Siyudad ng Wuhan, Probinsiya ng Hubei, Tsina, na patuloy pa rin sa pagkalat. Daan-daan na ang naging kaso sa buong mundo, kabilang ang dalawang nasa Illinois, at sobra sa 50 na ang mga namatay.

Kasama sa mga iniulat na sintomas sa mga pasyente na may 2019-nCoV ang malumanay hanggang sa matinding karamdaman sa paghinga, na may lagnat, ubo at kahirapan sa paghinga.

Bagama't ito ang unang pagkakahawa nang tao sa tao sa U.S., hindi pa rin malinaw kung gaano kadali lumipat ang 2019-nCoV nang tao sa tao. Sa MERS at SARS, mga novel coronavirus din, ipinalagay na ang kadalasang paglaganap ng virus ay sa pamamagitan ng pagbahin at pag-ubo, gaya ng sa trangkaso. Sa karaniwan, kumakalat ito sa pamamagitan ng malapitang kontak.

Sa kasalukuyan, walang bakunang nakakapigil sa impeksiyon ng nCoV. Sa ngayon, hindi pa nakikitang kumakalat nang malawakan sa Estados Unidos ang 2019-nCoV, kaya walang karagdagang pag-iingat na inirerekomenda para sa pangkalahatang publiko.

Gayunpaman, makakatulong ang mga sumusunod na hakbang sa pagpigil ng pagkalat ng iba't ibang mga virus, kasama na ang pana-panahong trangkaso:

- Madalas na hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo.
- Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, at bibig kung hindi ka naghugas ng kamay.
- Iwasan ang malapitang kontak sa mga taong may sakit.
- Manatili sa bahay kung may sakit.
- Takpan ang pag-ubo o pagbahin gamit ang tissue, pagkatapos ay itapon ang tissue sa basurahan.
- Madalas linisan at i-disinfect ang mga bagay at mga ibabaw.

Mabilis na nagbabago ang sitwasyong ito at ang impormasyon ay ia-update habang pumapasok ang mga bagong kaalaman. Makakakita pa ng karagdagang impormasyon sa [IDPH website](#), sa [CDPH website](#), at sa [CDC website](#).